

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Tuklasan ang kwento sa likod ng bawat pintuan – sa pamamagitan ng digital!

BRAMPTON, ON (Setyembre 21, 2020) – Mula sa Sabado, Setyembre 26 hanggang Sabado, Oktubre 31, ang mga residente at mga bisita ay maaaring maranasan ang kasaysayan, pamana at natatanging kultural na espasyo ng Brampton mula sa ginhawa ng kanilang sariling mga bahay, online bilang bahagi ng Digital Doors Open.

Lumikha ang Lungsod ng Brampton ng online hub para sa pinahabang Doors Open sa taon na ito na may mga tour, video at mga litrato nang higit sa 20 makasaysayan at pamanang lokasyon at mga lugar ng interes ng ating komunidad bilang bahagi ng buong lalawigan, ngayon ay buwan ang haba na event. Bago sa taon na ito, alamin ang tungkol sa pampublikong sining sa ating komunidad kasama ng Brampton artists online, at tingnan ang mga tours online na nakakatakot at pamana.

Bawat kalapitbahayan sa Brampton ay may kwentong sasabihin. Saliksikin ang pampublikong monumentong pansining ng lungsod, alamin ang tungkol sa mga pasilidad para sa pag-apula ng apoy at transportasyon, at mag-tour sa pinakalumang mga gusali ng ating komunidad, kabilang ang Alderlea Estate, Grace United Church at Historic Bovaird House. Tingnan ang mga lugar ng ating komunidad na hindi posible dati, na may eksklusibo, sa likod ng mga eksena na mga akses na hindi bukas sa publiko araw-araw.

Para sa kumpletong karanasan, bisitahin ang brampton.ca/doorsopen.

Ang Ontario Heritage Trust ay nakikipagtulungan sa mga komunidad sa buong Ontario para buksan ang mga digital na pintuan, mga gate at mga courtyard ng kanilang pinaka-unique at pinaka-nakakawiling kultural na mga lugar para sa Doors Open Ontario, kaya mai-exlore ninyo ang kasaysayan at mga kwento sa loob.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang doorsopenontario.on.ca.

Mga Quote

“Sa taon na ito, ang Doors Open ay magaganap online sa buong buwan, na magbibigay sa lahat ng pinahabang pagkakataon na matuklasan ang kwento sa likod ng maraming natatanging mga pintuin sa Brampton. Ang Brampton ay may mayamang kasaysayan at kultura, at hinihikayat ko kayo na saliksikin ang ating pinaka-unique at pinaka-nakakawiling mga lugar na hindi posible dati mula sa inyong tahanan.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Maaaring kakaiba tingnan ang Doors Open sa taon na ito, ngunit ito ay isang karanasan na walang katulad. Tiyakin na bumisita sa ating online hub ng mga tour, video, at mga litrato ng ilang sa pinaka-interesting na mga lokasyon ng Brampton, at tingnan ang pagsasalita ng artist at mga tour sa mga nakakatakot na lugar at mga pamana sa buong buwan.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Vice-Chair, Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Kultura, Lungsod ng Brampton*

“Gumawa ang staff ng Lungsod ng napakahusay na online hub para sa Digital Doors Open na event ng Brampton para sa taon na ito, na hitik sa nakakapagpalahok na visuals para ipagdiwang ang kasaysayan, pamana at natatanging kultural na mga espasyo ng lungsod. Ito ang isang event na ayaw ninyong makakaligtaan!”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca